

mamahalaan nila. Ang puno'y di isang hamak na upahan lamang, di isang abáng kawaning papasok at lalabás sa kagawaran sa m̄ga oras na takdá, at gagawa n̄g kung anó na lamang ang sa kanya'y iniutos; kinakailanġan sa puno ang matutong magbalak n̄g m̄ga bagay na ikagagaling n̄g pamumuhay sa bayan, na siyang batis n̄g kayamanan n̄g tesoro municipal.

Sa maraming bayan dito'y nananatiling di napapakinabangan ang madláng kayamanang hanga n̄gayo'y nangakukubli pa. Bawa't munisipyo nati'y may kanikanyang pagkabuhay na sapát na makapagpaginhawa sa bayan kung pag-uukulan n̄g karapatdapat na pagsusumakit, at labis na makalunas sa karalitaang idinaraing n̄gayon n̄g lahat. Nais naming ang m̄ga magpipitang lumabas na puno sa hinaharap na hálalan ay magtaglay n̄g maalab na adhikang mapabalong ang m̄ga kayamanang iyan, adhikang ipanunumpa nila sa sariling budhi at di wiwikain n̄g bibig sa harap n̄g karamihang táong makikinig sa kanilang pananalumpati, pagka't ang m̄ga mamamaya'y dagí na sa ganyang m̄ga pangangalandakan at pangangakong hindi natutupad.

Ang lahat n̄g aming naisaysay sa itaas ay iniukol din naman sa m̄ga punong lalawigan, na ano pa't huag silang manggagkasiya sa pag-uusig lamang sa m̄ga kalikuang nagagawa n̄g m̄ga punong-bayan, sa pagpapairal nang m̄ga buwis na idinaraing n̄g m̄ga tao at pagdakip n̄g m̄ga magnanakaw, kundi pautanġan din naman nila n̄g karapatdapat na pagsusumakit ang m̄ga bagay na igiginhawa n̄g m̄ga nasasakop. Karaniwang mapuna na ang m̄ga pamunuang baya'y sumusunod sa halimbawang ipinamamalas n̄g pamunuang lalawigan, kaya't kung itoy natutulog, sila nama'y naghihilik. Magpauna sa paggawa n̄g mainam na bagay, at ang m̄ga munisipyo'y mangag-uunahan naman sa pagkuhang uliran, sa pakikibagay sa lakad n̄g m̄ga sumasaitaas. Kung saan ang tumpá n̄g ulo'y doon din ang tunġo n̄g buntot.

At sa m̄ga mangliligaw sa mataas na

kapangyarihan sa lalawigan ito'y ninanais din naming maging tika n̄g kanilang loob ang pagpapakasikap sa ikalulusog n̄g m̄ga pagkabuhay dito na hanga n̄gayo'y nakukubli't di napapakinabanganġang lubos.

La marcha de Mr. Kaminer.

El actual tesorero provincial de Rizal, Mr. W. O. Kaminer, es uno de los pocos americanos que ha merecido simpatías en esta provincia, no porque se haya esforzado en conquistarlas ó que haya demostrado extraordinario dón de gentes, puesto que es una persona de poco hablar y que parece huir del trato de sus semejantes. Su popularidad débese más bien á que no es de los petulantes, con tonos de superioridad de raza como suelen ser muchos de sus paisanos. Se han circunscrito sus actos á cumplir estrictamente sus deberes como tesorero provincial, sin apasionamientos, y con imparcialidad, obrando siempre de buena fé, y esto ha satisfecho á la provincia. Aunque esto era lo que de él tenía derecho la provincia á esperar, queremos manifestar aquí las simpatías que de nosotros ha merecido.

Ahora que Mr. Kaminer vá á marcharse á los Estados Unidos en uno de los días de este mes, en uso de licencia, con su distinguida señora, nosotros deseamos que la pareja se lleve feliz viaje y el recuerdo de que á los buenos americanos se les quiere aquí en Filipinas.

Intencion criminal

El seis del actual entre nueve y diez de la noche, penetró en la casa de Juana Reynoso en el barrio de Maybunga, Pasig, la mujer llamada Juana Santos con intención de robar, y no habiendo conseguido su deseo, agredió á la Reynoso con un hierro en la cabeza que la produjo una herida de pronóstico reservado.

La Juana Santos se dice que es vecina del barrio de Bambang y actualmente se encuentra detenida á disposición del Juzgado.

Sunog

Niyong miércoles, ika 7 n̄g kasalukuyan, at n̄g mag-iika pito n̄g gabi'y nagkasunog sa nayon n̄g Santulan n̄g bayang ito. Limang bahay ang natupok at isang bangáng may lamáng m̄ga dalawangpung kabang palay.

Ayon sa ginawang pag-uusig ay napagtalastas na ang apoy ay nagmula sa tindahan ni Vicente Carlos, na hindi maalaman ang naging sanhi.

May m̄ga sanglibo't walong daang piso ang halaga n̄g m̄ga nasunog.

Salamat at wala namang táong nasaktán.